

1

Beauty is in the eye of the beholder, gamit at gasgas na linya. Madalas marinig iyon sa mga beauty pageants.

Pinagmasdan ni Bettina ang sarili sa salamin, pilit inuunawa ang ibig sabihin ng phrase na iyon. But all she could see was an image of a lanky, insecure teen who looked so awkward and ugly. Her right eye wandered again, just like her wandering mind grasping for a deeper understanding of that phrase.

She had a condition called amblyopia or commonly known as lazy eye. Her right eye could not see because the brain couldn't read the images transmitted by the optic nerves. Sa kaso niya, ang pagkakaroon niya ng congenital cataract ang naging dahilan ng lazy eye niya. Deprivation amblyopia ang tawag sa kaso niya.

How ironic, both her parents were on the medical field yet they were not able to find cure for her lazy eye. Her father was a medical representative in a multi-national drug company while her mother was a pharmacist. Natakot kasi ang mama niyang ipaopera ang katarata niya noong five years old siya dahil sa nabasa nito sa isang newspaper tungkol sa pumalpak na operasyon sa mata ng isang bata. Ayon sa balita, tuluyan daw nabulag ang bata at iyon ang ikinatakot ng kanyang ina. Natakot rin siyang magpaopera noon. Hanggang ten years old lang kasi puwedeng ma-treat ang lazy eye.

Bettina's Lazy Eye - Corinth de Villa

She grew up being bullied by her classmates. Pirata, dahil sa suot niyang eye patch treatment noon. Kirat, dahil kusang pumipikit ang right eye niya kapag nasisilaw siya. Photophobic kasi ang lazy eye. Duling, ayon sa mga taong hindi marunong mag-identify kung ano ang kaibahan ng lazy eye sa pagiging cross-eyed.

Dahil sa mga pambu-bully na naranasan niya, naging insecure si Bettina sa sarili. Aloof siya sa mga taong hindi niya kilala nang personal. Her security blanket was her family. Her best friends were Avrille, her paintbrush, her thick UV light protected eyeglasses and her long silky black straight hair.

Wala siyang kaibigan sa school maliban kay Avrille. Sa *Facebook*, she had a total of sixty-four friends, sixty of them were her relatives. Avrille, Dr. Donald, his wife Dra. Lian and their maid, Manang Guada, were the few who were not related to her by sanguinity. Wala siyang *Twitter* account, ngunit mayroon siyang account sa *Instagram* at tanging si Avrille lamang ang kanyang follower.

Speaking of Avrille, may kasunduan pala silang magkikita sa school nila. Pinakiusapan siya nitong siya ang gumawa ng mural painting ng batch nila sa graffiti wall ng paaralan nila. Bawat high school batch kasi na guma-graduate doon ay gumagawa ng mural painting. Si Avrille ang Alumni President ng batch nila.

Tumunog ang cellphone ni Bettina. Malamang ang matalik niyang kaibigan ang tumatawag. Dinampot niya at pinindot ang

answer button.

“Bettina Beltran!” Matinis ang tinig nito sa kabilang linya. Senyales na galit na ito sa kanya. “Saan ka na? Kanina pa ako naghihintay dito. Darating ka pa ba?” sunud-sunod nitong birada sa kanya.

“Coming na,” maingsing sagot niya.

“Coming! Lokohin mo ang maid ninyong panot. I know you. Ang coming mo ay magbibihis ka pa lang. Kakain ka pa at kung anu-ano pa. Maawa ka naman sa akin, kanina pa ako dito sa school natin. Kinakagat na ako ng mga langgam dito!” histerikal nitong sabi.

Natatawa si Bettina habang nakikinig sa mga litanya ni Avrille. She knew the real reason behind her best friend's hysterical mood. Matatakutin ito sa multo, aswang at kung anu-ano pa. “Coming na talaga ako. Hindi na ako magbibihis,” sagot niya habang inilalagay sa bag ang painting tools niya.

She heard Avrille sigh in relief.

“Magkita na lang tayo. 'Bye,” anyia saka tinapos na ang pag-uusap nila sa cellphone.

Bago siya bumaba ay isinuot niya ang kanyang thick eyeglasses. Tinanggal niya ang pagkaka-fishtail braid ng buhok niya saka hinati iyon sa gitna. Inayos niya ang kanyang bangs upang matakpan ang kanang mata. It would serve as her shield

sa mga mapanuyang tingin ng mga taong makakasalamuha niya.

Pagkatapos magpaalam sa kasambahay ay umalis na siya. Sumakay siya ng jeep papunta sa *St. Cecilia's Academy* o SCA. Nagsipagtinginan kaagad ang mga mapangutyang kaedad niya sa kanya at nagbulungan ang mga ito. Medyo nahawi kasi ang bangs niya. Malamang nag-*Wawalang Direction* na naman ang kanang mata niya. Iyon ang tawag niya sa lazy eye niya. Wala kasi itong focus, kaya kung saan-saan na lang ito gumagalaw, up and down, left and right.

“Para po,” ani Bettina with coño accent because of her braces. Bumaba siya sa kanto at naglakad na lang patungo sa SCA. Malapit na lang din ang lalakaran niya.

Papasok na siya sa gate ay nakita na niya si Avrille na panay ang padyak. Totoo yatang pinapapak na ito ng mga langgam.

Sinutsutan niya ito, sabay tago sa malaking trunk ng puno.

Napalingon si Avrille at kitang-kita niya sa mukha nito ang panghihilakbot nang wala itong makitang tao. Matatakutin kasi ang babae, palibhasa lumaki ito sa Iloilo at madalas daw itong takutin ng lola nito tungkol sa mga aswang at kung anu-ano pa.

Sinutsutan niya ulit ito. Lumingon uli ang babae sa malaking puno. Halatang takot na takot na ito.

Naawa na siya rito. Baka magalit pa ito sa kanya at mawalan pa siya ng isang tunay na kaibigan. Humahalakhak siyang

nagpakita rito. “Hanggang ngayon matatakutin ka pa rin.”

“Tinakot mo ako d’un, ha!” namumutlang saad ni Avrille. Bitbit nito ang mga pinturang gagamitin niya.

“Saan ba ako mag-va-vandalize?” pagbibiro niya. Vandalism kasi ang tawag ng mga schoolmates niyang inggit sa painting talent niya. She may not have been gifted with a beautiful pair of eyes, but God gave her great talent in painting.

Naglakad sila tungo sa graffiti wall malapit sa *Heroes Park* ng SCA.

“Dito daw, s’abi ni Mr. Reyes,” tukoy nito sa school principal nila.

Itinali muna ni Bettina ang kanyang buhok bago niya sinimulan ang pagpipinta. Their teachers described their batch as bold, free-spirited and go-getter. Doon niya ibinase ang theme ng gagawin niyang mural painting ng batch nila.

She first painted an *iPad* frame, then all else followed. The ideas were flowing smoothly. Each stroke revealed what’s on her mind. The colors reflected their young, wild and free personality.

“Wow, Bettina, ang sosyal naman! Our batch has the best and most creative mural. It’s a masterpiece and so *Instagram-worthy*.” Bakas ang pagkamangha sa mukha ni Avrille nang kunin nito ang cellphone at kinuhanan ng larawan ang kanyang obra maestra.

Masayang tiningnan ni Bettina ang abstract painting niya. Sa unang tingin ay para lang itong mga linya na may iba't ibang kulay. But if one would look at it closely, images of teens doing parkour, a dangerous sport which for Bettina best resembled the bold, free-spirited and go-getter personality of their batch, could be seen.

“Flooding likes. Nagandahan talaga sila.” Masayang ipinakita sa kanya ng kaibigan ang post nito. “Except for these three negas,” komento nito sa tatlong nanlait ng post nito. “Mga wala talagang magawa, palibhasa palakol ang grades sa Arts class. Mga hindi alam ang salitang abstract,” galit nitong sabi.

“Hayaan mo na. Lalaki pa ’yan kapag pinatulan mo.” Ayaw niya ng away. Mas gusto niyang tumahimik na lamang kahit nasasaktan na siya.

“Alam mo, kaya ka nabu-bully kasi hindi ka lumalaban. Kaya siguro malakas ang loob ng mga bullies na pagtripan ka.”

“Ayaw ko lang ng gulo,” matipid niyang sagot. “Anong oras na ba?” Naiwan ni Bettina ang wristwatch niya sa kuwarto kanina sa kanyang pagmamadali.

“Quarter to twelve. Mag-lunch na tayo,” yaya nito.

Inayos muna niya ang kanyang buhok. Tinanggal niya iyon mula sa pagkakatali.

“Bakit mo tinanggal?” Nakadilat sa kanya si Avrille. “Mas

maganda ka kapag nakatali ang buhok mo.” Sinubukan nitong itali ulit ang buhok niya.

“No,” naiirita niyang sabi. Naglakad na siya palayo.

“Bakit ka ba kasi nahihiya? Sige ka, madadapa ka niyan sa ginagawa mo. O, tingnan mo muntik na,” komento nito nang muntikan siyang matapilok sa bato na natapakan niya. Maagap siyang inalalayan nito.

“Av, pagdedebatehan na naman natin ba ’yan?” ani Bettina sa mababang tinig. Ganoon siya kapag malapit nang magalit.

“Okay, okay,” pagsuko nito.

“Mabuti naman,” aniya habang naglalakad sila palabas ng gate.

“But how long will you hide yourself under those thick glasses and with that long hair of yours?” Avrille’s voice was slowly fading when she saw disgust on Bettina’s face. “Okay, I’ll zip my mouth na.”

“Siguraduhin mong na-zip mong mabuti,” komento niya nang makita itong umakto na isinasara nitong parang zipper ang bibig nito.

Pumasok sila sa sikat na fastfood chain at pareho sila ng in-order—spaghetti, burger, fries, and large pineapple juice.

Si Avrille ang nagbukas ng topic na mapag-uusapan nila.

“Sure ka na ba talaga na sa *NDU* ka papasok ng college?”

“Yeah. Bakit?” tanong niya, sabay kagat sa burger na hawak niya.

“Hindi tayo sa same school magka-college,” malungkot nitong sabi.

“Okay lang. Mas gusto ko doon kasi ang ganda ng Fine Arts program nila, *plus*, well-known sila for being diverse and free,” she said. “Walang bullies doon dahil open-minded ang mga tao,” she added after sipping her pineapple juice.

“Sabagay, kung sa *RMU* ka mag-aaral, makakasama mo ang Ate Inna mo. Hate ka pa naman n’un.” Sa *RMU* mag-aaral ng kolehiyo si Avrille at magiging schoolmate nito ang kapatid niya. “But you can transfer naman kapag nag-graduate na siya this coming school year.” May ngiti sa mga labi nito habang sinasabi iyon.

Nalungkot bigla si Bettina nang mabanggit nito ang kapatid niya. Simula pagkabata ay mabigat na angtrato ni Inna sa kanya. Ikinahihiya siya nito. Her sister was a campus queen, beauty and brains ito. Nakakahiya sa tulad nito ang magkaroon ng kapatid na kagaya niya. Ni minsan ay hindi sila namasyal sa mall. Lagi na lamang ang kanyang mga magulang at kapatid na lalaki ang nakakasama niya sa pamamasyal. Nasa ibang bansa na ngayon ang kuya niya at doon nagtatrabaho.

“Uy!” untag sa kanya ni Avrille. “Sorry, sana hindi ko na

lang sinabi,” hinging-paumanhin nito sa kanya.

“No, it’s okay. Totoo naman, eh.” Ipinagpatuloy na ni Bettina ang kanyang pagkain.

Pagkatapos nilang mag-lunch ay nagpaalam na sila sa isa’t isa.

“Bye, Bettina. See you tomorrow sa graduation,” sabi nito bago sila naghiwalay.

“Bye.” Kumaway siya rito bago sumakay sa taxi na pinara niya.

Habang lulan ng pampublikong sasakyan ay panay ang tingin niya sa labas ng bintana. “Manong, dito na lang po ako,” aniya rito.

Inihinto ng driver ang taxi sa isang park. Nagbayad siya saka bumaba. Ayaw muna niyang umuwi sa bahay nila. Dito muna siya magpapalipas ng oras sa park.

Naupo sa damuhan ang dalaga at kinuha ang sketch pad niya sa loob ng kanyang malaking shoulder bag. Nagsimula na siyang magguhit. Wala na siyang pakialam sa mga nangyayari sa paligid niya.

Bahagya lamang siyang tumingin sa isang gawi nang may marinig na ‘click’ ng camera. May isang lalaki na kumukuha ng kanyang larawan. Ipinagpatuloy niya ang ginagawa.

Bettina's Lazy Eye - Corinth de Villa

Nang matapos ni Bettina ang naguhit ay nagpasya na siyang umuwi.

“Bettie, mabuti dumating ka na,” salubong ni Manang Guada sa kanya. Mukhang may maganda itong ibabalita.

“Bakit po?” Na-curious siya bigla sa sasabihin nito.

“May binili ang Ate Inna mo na damit para sa 'yo. Mukhang good mood yata. Nand'on sa kuwarto mo ang damit. Suotin mo daw sa graduation mo bukas,” excited nitong saad.

Natulala siya sa narinig. For the first time in her entire life, ngayon lang nagpakita ng concern ang kapatid niya sa kanya.

“Halika na.” Hinila siya ng kasambahay. Mukhang mas excited pa ito sa kanya.

Kinuha niya ang damit na sinasabi ni Manang Guada. Maganda nga. Kailan pa ba pumalpak ang kapatid niya pagdating sa fashion?

“Isukat mo na.”

Pumasok siya sa banyo na nasa loob ng silid niya at doon nagpalit.

“Bagay po ba?” tanong niya kay Manang Guada.

“Ay, bagay na bagay! Ang ganda mo, Bettie!” palatak nito.

Nakabukas ang pinto ng kanyang kuwarto, kaya nakita niya

Bettina's Lazy Eye - Corinth de Villa

na dumaan ang kapatid. Napatingin ito saglit sa kanya.

“Bagay sa 'yo.” Casual lang ang pagkakasabi nito.

“Thank you, Ate.” Sinugod niya ito ng yakap. Medyo nagulat ito sa gesture niya.

“Hmm... bitaw na. May lakad pa ako.” Tinanggal ni Inna ang mga braso niyang nakayakap dito. “Na-edit ko na ang graduation pic mo,” pahabol nito bago umalis.

Bumitaw si Bettina rito at sinundan ito ng isang malungkot na tingin habang papaalis ito. Kailan kaya niya ito mayayakap ulit nang ganoon kahigpit? Kailan kaya darating ang araw na makakasama niya ito sa pamimili ng damit at kung anu-ano pang stuff tulad ng ginagawa ng ibang magkapatid?